Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-27 NG ENERO, 1999, MIYERKULES SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 20-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 05-T'99/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 1-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY II NA HUMIHILING NG PAGTATAAS O PAGPAPATAW NG KARAGDAGANG BUTAW/SINGILIN SA PAGLILINGKOD PARA SA KUMUKUHA NG BARANGAY CLEARANCE.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 5-T'99 ng Sangguniang Barangay II na humihiling na magtaas/magpataw ng karagdagang butaw/singilin sa paglilingkod para sa mga kumukuha ng barangay clearance;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay matalakay at mapagtimbang ang mga katuwirang isinasaad sa kapasiyahan para sa kapakanan ng paglilingkod sa nabanggit na barangay ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi ng sangguniang ito na irekomendang pagtibayin na ang nasabing kapasiyahan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Bernardo E. Ison, Louie C. de Leon at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang kapasiyahan Blg. 5-T'99/Kautusang Barangay Blg. 1-T'99 ng Sangguniang Barangay II na humihiling ng pagtataas o pagpapataw ng karagdagang butaw/singilin sa paglilingkod para sa mga kumukuha ng barangay clearance mula sa halagang P10.00 at gawing P20.00, ayon sa isinasaad ng naturang kapasiyahan.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: WW
DATE: 8-10
LAGUNA